**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**BATANGAS CITY**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON OCTOBER 1, 2019 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL**

**PRESENT:**

| | |
|---|---|
| Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., | Presiding Officer |
| Hon. Alyssa Renee A. Cruz, | Councilor |
| Hon. Nestor E. Dimacuha, | " |
| Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted, | " |
| Hon. Gerardo A. Dela Roca, | " |
| Hon. Oliver Z. Macatangay, | " |
| Hon. Nelson J. Chavez, | " |
| Hon. Julian B. Villena, | " |
| Hon. Julian Pedro M. Pastor, | " |
| Hon. Isidra M. Atienza, | " |
| Hon. Maria Aleth A. Lazarte, | " |
| Hon. Lorenzo A. Gamboa, Jr., | " |
| Hon. Marjorie A. Manalo, | SK-Fed. Pres. |
| Hon. Aileen Grace A. Montalbo, (O.B.) | Councilor |
| Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha, | ABC-Rep. |

"On motion of Councilor Buted seconded by Councilor Nestor Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

**RESOLUTION NO. 352 S. 2019**

**APPROVING VARIOUS BARANGAY ORDINANCES ESTABLISHING BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEES, ALL OF BATANGAS CITY**

**RESOLVED,** to approve the following Barangay Ordinances establishing their Barangay Rabies Control Coordinating Committees:

a. Pallocan East
b. Poblacion 15
c. Poblacion 16

**UNANIMOUSLY APPROVED."**

**Continuation of Resolution No. 352 S. 2019**

**APPROVING VARIOUS BARANGAY ORDINANCES ESTABLISHING BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEES, ALL OF BATANGAS CITY**

---

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 352 S. 2019 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on October 1, 2019.

**ATTY. IVY AUDREY D. TELEGATOS**
Board Secretary I
Sangguniang Panlungsod

**NOTED:**

**ATTY. OLIVA D. TELEGATOS**
Secretary
Sangguniang Panlungsod

**ATTESTED:**

**EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE JR.**
Presiding Officer

**ODT/IADT/ ystingchuy…**

Republic of the Philippines
**BARANGAY PALLOCAN EAST**
**Batangas City**
723-2851

**OFFICE OF THE BARANGAY CAPTAIN**

Office of the Sangguniang Panglungsod
Batangas City

To Whom It may Concern,

Good Day.

This is to officially endorse to your good office the copy of our Barangay Ordinance No. 1 **"BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEE"** for your approval.

Thank You.

Repectfully yours,

GARRY A. PANOPIO
Punong Barangay

Republika ng Pilipinas
Lungsod ng Batangas
Sangguniang Barangay

**ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG-01**
**Hanay ng 2019**

Ordinansang nagtatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee. Nag aatas ng lahatang pag papatala at pagbabakuna ng mga aso pagkontrol sa mga walang bakuna, maysakit, at palaboy o pawalang aso sa sakop ng Barangay Pallocan east.

Sapagkat ang rabis ay isang sakit na nakamamatay at malaki ang tulong na magagawa ng mga tao upang ito ay maiwasan.

Sapagkat, katungkulan ng Pamahalaang Barangay na pangalagaan ang kalusugan ng kanyang mga mamamayan, kasama ang pagsusulong ng mga programang pang-kalusugan para sa bawat naninirahan sa barangay.

Sapagkat ang Ordinansang Panglungsod Bilang 02, na nagtatag ng City Rabies Coordinating Committee ay aprobado at ipinapatupad na simula pa noong 1997, ngunit hanggang ngayon ay wala pang seyosong aksyon ang mga mamamayan tungkol dito, patunay ang mga asong may sakit at walang bakuna na malayang gumagala sa mga lansangan at kapookan ng lungsod, at ang patuloy na dumaraming insidente ng rabis sa lungsod ng Batangas.

Ngayon, Dahil Dito, sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang Barangay ng Pallocan East, Lungsod ng Batangas, ang mga sumusunod;

**Seksyon 1. Maikling titulo**

Ang Ordinansang ito ay makikilala bilang "Ordinansang Pambarangay Laban sa Rabis".

**Sekyon 2. Pagtatatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee.**

Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ay bubuuin ng mga sumusunod:

Punong Barangay:

Mga Kagawad:

**Seksyon 3. Mga Tungkulin ng Komite**

a) Gumawa at magpatupad ng mga alituntunin at bumalangkas ng programa upang makontrol ang rabis sa Barangay.
b) Gumanap bilang tagapag-ugnay ng mga lokal na pinuno at mga mamayan upang magkaisa sa pagsugpo sa rabis.

c) Gumawa ng sistematikong pagsubaybay , pagtaya at paguulat ng nagawa kaugnay na programa sa pagkontrol sa rabies.
d) Magpakalat ng mga babasahin at mga impormasyon tungkol sa rabies.
e) Pamahalaan ang pagtatago at pagmimintine ng Barangay Dog Pound

**Seksyon 4. Tungkulin at Pananagutan ng may ari o nag aalaga ng aso**

a) Pagrerehistro ng alagang aso sa tanggapan ng Punong Barangay sa loob ng dalawang (2) Linggo matapos itong maipanganak o simula sa pagdating nito sa barangay
b) Iulat sa Tanggapan ng Punong Barangay ang pagkawala, pagkamatay, o ang pagkalipat ng tirahan ng aso
c) Pabakunahan ang alagang aso sa lisensyading beterinaryo kapag ito'y sumapit sa edad ng tatlong (3) buwan at ulitin ang pagbabakuna sa bawat taon.
d) Ang may- ari o nagaalaga ng aso ay mahigpit na inaatasang itali o ikulong ang alagang aso upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit na dala ng asong lumalaboy sa mga kalye at kapookan at upang maiwasan na ito'y makakagat sa sino man,
e) Kapag nakakagat ang alagang aso, ang may-ari ang sasagot sa lahat na gastos ng pagpapapagamot at pagpapa eksamen sa asong naka kagat. Kung ang nakakagat ay rehistrado, nakatali o nakakulong, o nasa matibay na bakuran paligid ng bahay ng may-ari, kailangay pag-usapan at magkasundo ang may-ari ng aso at biktima ng pagkagat sa paraan ng pagpapapagamot at pagpapa eksamen.

**Seksyon 5. Bayad at katibayan sa Rehistrasyon**

a) Ang bayad sa rehistrasyon ay P 20.00 bawat aso na babayaran sa Ingat Yaman ng barangay kapalit ang opisyal na resibo. Mula dito ay animnapung porsyento (60%) ay mapupunta sa Ingat Yaman ng Lungsod at ang natitirang apatnapung porsyento (40%) ay gagamitin ng barangay para sa puspusang pagpapatupad ng ordinansang ito sa iba pang proyekto nito.

**Seksyon 6. Sentrong Patalaan sa mga Aso**

Ang Punong barangay ay may katungkulan na isumite ang talaan ng nairehistrong aso sa tuwing ikatlong buwan (3) sa Central Dog Registry na matatagpuan sa Office of the City Veterinary and Agricultural Services . Kasama sa ulat ang talaan ng mga namatay, nawala at nagpalipat ng tirahan ng mga rehistradong aso sa bahay.

**Seksyon 7. Pagbabakuna ng mga Aso**

a) Ang bawat aso na may edad na tatlong (3) buwan pataas ay kailangang pabakunahan laban sa rabis ng minsan sa isang taon. Ang mga tuta ay unang babakunahan pagsapit niya sa edad na tatlong (3) buwan.
b) Ang bawat asong mabakunahan ay lalagyan ng matibay na tag upang medaling makilala at maibukod sa walang bakuna.
c) Ang may-ari ng aso ay bibigyan ng sertipikasyon ng pagbabakuna. Ito ay dapat na laging handa upang ipakita sa nagpapatupad ng ordinansa kung kinakailangan.

**Seksyon 8. Pag-uulat ng Insedente ng Pangangagat ng Aso.**

Ang taong nakagat ay inaatasang mag-ulat ng pangyayari sa loob ng apatnapu at walong (48) oras sa Barangay Health Worker, Barangay Tanod o sa sinumang Kagawad ng Barangay na agad naming ipadala ang ulat sa Barangay sa Rabies Control Coordinating Committee.

**Seksyon 9. Panghuhuli, Pagpapakulong at Pagpatay sa mga Asong Gala**

a) Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ang nangangasiwa sa panghuhuli at pagkukulong sa Barangay Dog Pound ng mga walang bakuna, maysakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng barangay.
b) Ang lahat ng asong makukulong sa Barangay Dog Pound ay aalagaan sa loob ng tatlong (3) araw, kung kalian ang may-ari ay maari itong tubusin sa halagang isang daang at limampung piso (150.00) sa unang (1) o dalawampu't apat (24) na oras. Tatlong daang piso (300.00) sa pangalawang araw o sa loob ng apatnapu't walong oras (48) at limang daang piso (500.00) sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras ng pagkahuli. Pagkatapos ng tatlong (3) araw ang mg asong nakakulong sa Barangay Dog Pound ay ililipat sa City Animal Pound na kung saan ito ay papatayin sa makataong pamamaraan.
c) Maliban sa may-ari ng aso at sa mga awtorisadong humuli at magkulong ng mga asong may sakit, walang bakuna, maysakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng barangay.
d) Ang mga mamimili ng aso na makikita sa Barangay Pallocan East ay pagsasabihan tungkol sa ordinansang ito, ngunit kung magpapatuloy sa pamimili ng aso ay tuluyang huhulihin at ipaghaharap ng kaso sa hukuman o kaukulang tanggapan ng pamahalaan.

**Seksyon 10. Karapatan ng mga naninirahan sa Barangay**

Pallocan East ay maging ligtas, malusog at kaaya ayang panahanan ng kanyang mga mamamayan. Karapatan ng lahat na dito'y naninirahan ang buong komunidad ay masigurong ligtas sa panganib ng rabis na ikinakalat ng mga asong hindi maayos na naaalagaan ng may-ari at pinababayaang lumaboy sa lansangan o kapookan ng barangay.

**Seksyon 11. Administratibong Multa o Bayad sa Pagsasaayos.**

Ang sino mang lalabag sa Ordinansang ito ay maaring magsaayos ng kanyang paglabag sa loob ng apatnapu at walong oras mula sa kanyang pagkahuli, ayon sa sumusunod

a) Unang Paglabag – Multang P100.00 o isang araw na serbisyong pang komunidad;
b) Ikalawang Paglabag – Multang P300.00 o tatlong araw sa serbisyong pang komunidad;
c) Ikatlong Paglabag – Multang P500.00 o limang araw na serbisyong pang-komunidad;
d) Ang ika-apat at sa mga susunod pang paglabag ay papatawan ng multang P1,000.00
e) Ang lahat na multang malilikom ay ipapasok sa pondo ng barangay at gagamitin sa mga proyektong pambarangay.

**Seksyon 12. Kaparusahang Maipapataw ng hukuman.**

Ang sinumang lumabag sa ordinansang ito na hindi makakabayad ng administratibong multa na nasasaad sa sinusundang bahagi nito sa loob ng panahong nabanggit, ay ihahabla sa hukuman at

siya ay maaring parusahan ng multang hindi bababa sa P100.00 ngunit hindi tataas sa halagang P1,000.00 ayon sa diskresyon ng hukuman. Kung sakaling walang maibayad sa multa ang lumabag, magpapataw ang hukuman ng "Subsidiary Imprisonment" na isang araw sa bawat P100.00 multa. Kung ang nagkasala ay isang Asosasyon, Bakasan o korporasyon, ang pangulo o namumuno dito ang siyang mananagot.

**Seksyon 13 Talatang Nagpapawalang bisa.**

Lahat ng probisyon ng anumang ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng BArangay na sumasalungat o hindi umaayon sa ordinansang ito ay mawawalang – bisa o kaya ay mababago.

**Seksyon 14. Talatang nagbubukod.**

Kung sa anumang dahilan at ang alin mang bahagi ng ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**Seksyon 15. Pagkakabisa**

Ang Ordinansang ito ay magkakabisa makalipas ang sampung araw mula sa pagpapatibay ng Sanguniang Panglungsod.

Pinagtibay ng Sangguniang Barangay Pallocan East ngayong ika-12 ng Setyembre, 2019

Pinatutunayan ko ang kawastuan na isinasaad ng Pangasiwaang Utos na ito

Cherrie P. Gutierrez
Kalihim ng Barangay

Pinatutunayan ni:

Garry A. Panopio
Punong Barangay

Sinang-ayunan;

Rosie R. Melo
Barangay Kagawad

Tomas D. Manalo
Barangay Kagawad

Oscar R. Briones
Barangay Kagawad

Maximo B. Perez Jr.
Barangay Kagawad

Mario R. Alvarez
Barangay Kagawad

John Paolo E. Perez
Barangay Kagawad

Cielo D. Manalo
Barangay Kagawad

Josueph B. Magboo
SK Chairman

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
OFFICE OF THE BARANGAY 15, POBLACION
BATANGAS CITY

*OFFICE OF THE SANGGUNIANG BARANGAY*

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**
**Batangas City**

**To whom it may concern;**

Good day!

This is officially endorse to your good office the copy of our **BARANGAY ORDINANCE NO. 1 "BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEE"** requesting for your approval.

Thank you very much.

Respectfully yours,

Marlon B.Tonino
**Barangay Chairman**

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By: Liddel Loc
Date/Time: 9/30/19 - 9:10 am

**REPUBLIKA NG PILIPINAS**
**LUNGSOD NG BATANGAS**
**SANGGUNIANG BARANGAY**

ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG **01**
Hanay ng **2019**

Ordinansang nagtatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee. Nag aatas ng lahatang pag papatala at pagbabakuna ng mga aso pagkontrol sa mga walang bakuna, maysakit, at palaboy o pawalang aso sa sakop ng **Barangay Poblacion 15.**

Sapagkat ang rabies ay isang sakit na nakamamatay at malaki ang tulong na magagawa ng mga tao upang ito ay maiwasan.

Sapagkat, katungkulan ng pamahalaang Barangay na pangalagaan ang kalusugan ng kanyang mga mamamayan, kasama ang pag susulong ng mga programang pang-kalusugan para sa bawat naninirahan sa Barangay.

Sapagkat ang Ordinansang Panglungsod Bilang 01, na nagtatag ng City Rabies Coordinating Committee ay aprobado at ipinatutupad na simula pa noong 1997, ngunit hanggang ngayon ay wala pang seryosong aksyon ang mga mamayaman tungkol dito, patunay ang mga asong may sakit at walang bakuna na malayang gumagala sa mga lansangan at kapookan ng lungsod, at ang patunay na dumaraming insidente ng rabis sa Lungsod ng Batangas.

Ngayon, dahil ditto, sa bisa ng kapangyarihan iginawad ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang Barangay ng Poblacion 15, Lungsod ng Batangas, ang mga sumusunod;

**Seksyon 1.Maikling Titulo**

Ang Ordinansang ito ay makikilala bilang"Ordinansang Pambarangay Laban sa Rabies".

**Seksyon 2. Pagtatatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee.**

Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ay bubuuin ng mga sumusunod;

| | |
|---|---|
| **Marlon B. Torino** | **Punong Barangay** |
| **Apollo Ababao** | **Kagawad** |
| **Melvin Torino Sr.** | **Kagawad** |
| **Dante Argente** | **Kagawad** |
| **Allan Torino** | **Kagawad** |
| **Elvin Sangalang** | **Kagawad** |
| **Francisco Manalo** | **Kagawad** |

**Seksyon 3. Mga Tungkulin ng Komite**

a) Gumawa at magpatupad ng mga alituntunin at bumalangkas ng mga programa upang makontrol ang Rabies sa Barangay.
b) Gumanap bilang tagapag-ugnay ng mga local na pinuno at mga mamamayan upang magkaisa sa pag sugpo ng Rabies.
c) Gumawa ng sistimatikong pagsubaybay, pagtaya at paguulat ng nagawa kaugnayna programa sa pagkontrol sa Rabies.
d) Magpakalat ng mga babasahin at mga impormasyon tungkol sa Rabies.
e) Pamahalaan ang pagtatagpo at pagmiminite ng Barangay Dog Pound

**Seksyon 4. Tungkulin at Pananagutan ng may ari o nag aalaga ng aso**

a) Pagrerehistro ng alagang aso sa tanggapan ng Punong Barangay sa loon ng dalawang (2) Linggo matapos itong maipanganak o simula sa pagdating nito sa Barangay.
b) Iulat sa tanggapan ng Punong Barangay ang pagkawala, pagkamatay, o ang pagkalipat ng tirahan ng aso
c) Pabakunahan ang alagang aso sa lisensyadong betinerаryo kapag itoý sumapit sa edad nag tatlong buwan(3) at ulitin ang pagbabakuna sa bawat taon.
d) Ang may-ari o nag aalaga ng ay aso mahigpt na inaatasang itali o ikulong ang alagang aso upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit na dala ng asong lumalaboy sa mga kalye at kapookan at upang maiwasan na itoý makakagat ng sino man,
e) Kapag nakakagat ang alagang aso, ang may ari ang sasagot sa lahat ng gastos ng pagpapagamot at pag eksaminsa asong naka kagat, kung naka kagat at rehistrado, nakatali o nakakulong, o nasa matibay na bakuran paligid ng bahay ng may-ari, kailangan pagusapan o magkasundo ang may ari ng aso at biktima ng pagkagat sa paraan ng pag papagamot at pag eksamen.

**Seksyon 5. Bayad at katibayan ng Rehistrasyon**

Ang bayad sa rehistrasyon ay PHP 20.00 bawat aso na babayaran sa inagt Yaman ng Barangay kapalit ang opisyal na resibo. Mula dito ay animnapung porsyento (60%) ay mapupunta sa Ingat Yaman ng Lungsod at ang natitirang apatnapung porsyento (40%) ay gagamitin ng Barangay para sa puspusang pagpapatupad ng Ordinansang ito sa iba pang proyekto nito.

**Seksyon 6. Sentrong Patalaan sa mga Aso**

Ang Punong Barangay ay may katungkulan na isumite ang talaan ng nairehistrongaso sa tuwing ikatlong (3) buwan sa Central Dog Registry na matatagpuan sa Office of the City Veterinary and Agricultural Services. Kasama sa ulat nag talaan ng mga namatay, nawala at nalipat ng tirahan ng mga rehistradong aso sa bahay.

**Seksyon 7. Pagbabakuna ng mga Aso**

a) Ang bawat aso na may edad na tatlong (3) buwan pataas ay kailangan bakunahan laban sa rabis ng minsa sa isang taon. Ang mga tuta ang unang babakunahan pagsapit sa edad na tatlong (3) buwan.
b) Ang bawat asong babakunahan ay lalagyan ng matibay na tag upang madaling makilala at maibukod sa walang bakuna.
c) Ang may ari ng aso ay bibigyan ng sertipikasyon ng pagbabakuna, ito ay dapat na laging handa upang maipakita sa nagpapatupad ng ordinansa kung kinakailangan.

**Seksyon 8.Pag-uulat ng insedente ng Pangangagat ng Aso**

Ang taong nakagat ay inaatasang mag-ulat ng pangyayari sa loob ng apatnapu at walong (48) oras sa Barangay Health Worker, Barangay tanod o sa sinumang Kagawad ng Barangay na agad naming ipadala ang ulat sa Barangay sa Rabies Control Coordinating Committee.

**Seksyon 9.Panghuhuli, Pagpapakulong at Pagpatay sa mga Asong Gala**

a) Ang Barangay Rabies Contol Coordinating Committee ang na ngangasiwa sa paghuhuli at pagkukulong sa Barangay Dog Pound sa mga walang bakuna, Maysakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng Barangay

b) Ang lahat ng asong nakakulong Barangay Dog Pound ay aalagaan sa loob ng tatlong(3) araw, kung kalian ang may ari ay maari itong tubusin sa halagangsang daan at limampung piso (150.00) sa unang araw(1) o sa ika dalawampu't apat (24) na oras. Tatlong daan piso (300.00) sa pangalawang araw o sa loob ng apatnapu't walong oras (48) at limang daang piso (500.00) sa loon sa pitumpu't dalawang oras (72) na pagkakahuli pagkatapos ng tatlong araw(3) ang asong nakakulong sa Barangay Dog Pound ay ililipat sa City Animal Pound na kung saan ito ay papatayin sa makataong pamamaraan.

c) Maliban sa may-ari ng aso at sa mga awtorisadong humili at magkulong ng mga asong may sakit, walang bakuna, at pinababayaang gumala sa kalye at kapookan ng Barangay.

d) Ang mga mamimili ng aso na makikita sa Barangay Poblacion 15 ay pagsasabihan tungkol sa Ordinansang ito, ngunit kung magpapatuloy sa pamimili ng aso ay tuluyang huhulihin at ipaghaharap ng kaso sa hukuman o kaukulang tanggapan ng pamahalaan.

**Seksyon 10. Karapatan ng mga naninirahan sa Barangay**

Ang Barangay Poblacion 15 ay maging Ligtas, malusog at kaaya ayang panahanan ng kanyang mga mamamayan. Karapatan ng lahat na ditoý naninirahan ang buong komunidad ay masigurong ligtas sa panganib ng rabies na ikinakalat ng mga asong hndi maayos na naaalagaan ng may-ari at pinababayaang lumaboy sa lansangan o kapookan ng Barangay.

**Seksyon 11. Administratibong Multa O Bayad sa Pagsasaayos.**

Ang sino mang lalabag sa Ordinansang ito ay maaring magsaayos ng kanyang paglabag sa loob ng apatnapu at walong oras mula sa kanyang pgakahuli, ayon sa sumusunod.

a) Unang Paglabag – Multang PHP 100.00 o isang araw na Serbisyong pang komunidad;
b) Ikalawang Paglabag – Multang PHP 300.00 o tatlong araw na serbisyong komunidad;
c) Ikatlong Paglabag - Multang PHP 500.00 o limang araw na serbisyong komunidad;
d) Ang ika-apat at sa mga susunod pang paglabag ay papatawan ng multang PHP 1,000.00;
e) Ang lahat ng multang malilikom ay ipapasok sa pondo ng Barangay at gagamitin sa mga proyektong Pambarangay.

**Seksyon 12. Kaparusahang Maipapataw ng hukuman**

Ang sinumang lumabag sa Ordinansang ito na hndi makakabayad sa administrasyong multa na nsasaad sa sinusundang bahagi nito sa loob ng panahong nabanggit, ay ihahabla sa hukuman at siya ay maaring parasuhan ng multang hndi bababa sa PHP 100.00 ngunit hndi tataas sa halagang PHP 1,000.00 ayos sa diskresyon ng hukuman. Kung sakaling walang maibayad sa multa ang lumabag magpapataw ang hukuman ng "**Subsidiary Imprisonment**" na isang araw sa bawat PHP 100.00 multa. Kung ang nagkasala ay isang Asosasyon, Bakasan o Korporasyon, ang pangulo o namumuno ditto ang syang manangot.

**Seksyon 13. Talatang Nagpapawalang bisa**

Lahat ng probisyon ang anumang ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng Barangay na sumasalungat o hndi umaayon sa ordinansng ito ay mawawalang bisa o kaya ay mababago.

**Seksyon 14. Talatang nag Bubukod**

Kung sa anumang dahilan at ang alin mang bahagi ng Ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hndi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

**Seksyon 15. Pagkakabisa**

Ang Ordinansang ito ay magkakabisa makalipas ang sampungaraw mula sa pagpapatibay ng Sanguniang Panglungsod.

**Prepared By:**

Riz-Ann O. Acosta
**Barangay Secretary**

**Noted By:**

Marlon B. Toyino
**Barangay Chairman**

Republic of the Philippines
Batangas City
**BARANGAY 16 POBLACION**
**Office of the Sangguniang Barangay**
Unit D, V. Quinio Bldg., #23 Evangelista St., Batangas City
Tel no.: (043)722-0614 / Email: Braypob16batscity@gmail.com

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANGLUNGSOD
BATANGAS CITY

To whom it may concern:

GREETINGS!

This is to officially endorse to your good office the copy of our BARANGAY ORDINANCE NO.1 " BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEE . Requesting for your approval.

Thank you very much.

Rolando C. Argente
Barangay Chairman

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By: Ldela Roca
Date/Time: 9/24/19 - 3:10 pm

Republika ng Pilipinas
Lungsod ng Batangas
Sangguniang Barangay

ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG 01
Hanay ng 2019

Ordinansang nagtatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee. Nag aatas ng lahatang pag papatala at pagbabakuna ng mga aso pagkontrol sa mga walang bakuna, maysakit, at palaboy o pawalang aso sa sakop ng **Barangay Poblacion 16**.

Sapagkat ang rabis ay isang sakit na nakamamatay at malaki ang tulong na magagawa ng mga tao upang ito ay maiwasan.

Sapagkat, katungkulan ng Pamahalaang Barangay na pangalagaan ang kalusugan ng kanyang mga mamamayan, kasama ang pagsusulong ng mga programang pang-kalusugan para sa bawat naninirahan sa barangay.

Sapagkat ang Ordinansang Panglungsod Bilang 02, na nagtatag ng City Rabies Coordinating Committee ay aprobado at ipinapatupad na simula pa noong 1997, ngunit hanggang ngayon ay wala pang seryosong aksyon ang mga mamamayan tungkol dito, patunay ang mga asong may sakit at walang bakuna na malayang gumagala sa mga lansangan at kapookan ng lungsod, at ang patuloy na dumaraming insidente ng rabis sa lungsod ng Batangas.

Ngayon, Dahil Dito, sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang **Barangay ng Poblacion 16, Lungsod ng Batangas**, ang mga sumusunod;

Seksyon 1. Maikling titulo

Ang Ordinansang ito ay makikilala bilang "Ordinansang Pambarangay Laban sa Rabis".

Sekyon 2. Pagtatatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee.

Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ay bubuuin ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| **Rolando C. Argente** | **Punong Barangay** |

Mga Kagawad:

| | |
|---|---|
| Salvador Apollo S. Antenor | Kagawad |
| Randy S. Altobar | Kagawad |
| Berlinda E. Aguilera | Kagawad |
| Jinky F. Fajilagmago | Kagawad |
| Francisco J. Teng Jr. | Kagawad |
| Edita E. Uy | Kagawad |
| Mary Rose B. Trillanes | Kagawad |

Seksyon 3. Mga Tungkulin ng Komite

a) Gumawa at magpatupad ng mga alituntunin at bumalangkas ng programa upang makontrol ang rabis sa Barangay.
b) Gumanap bilang tagapag-ugnay ng mga lokal na pinuno at mga mamayan upang magkaisa sa pagsugpo sa rabis.
c) Gumawa ng sistematikong pagsubaybay , pagtaya at paguulat ng nagawa kaugnay na programa sa pagkontrol sa rabies.
d) Magpakalat ng mga babasahin at mga impormasyon tungkol sa rabies.
e) Pamahalaan ang pagtatago at pagmimintine ng Barangay Dog Pound

Seksyon 4. Tungkulin at Pananagutan ng may ari o nag aalaga ng aso

a) Pagrerehistro ng alagang aso sa tanggapan ng Punong Barangay sa loob ng dalawang (2) Linggo matapos itong maipanganak o simula sa pagdating nito sa barangay

c) Pabakunahan ang alagang aso sa lisensyading beterinaryo kapag ito'y sumapit sa edad ng tatlong (3) buwan at ulitin ang pagbabakuna sa bawat taon.
d) Ang may- ari o nagaalaga ng aso ay mahigpit na inaatasang itali o ikulong ang alagang aso upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit na dala ng asong lumalaboy sa mga kalye at kapookan at upang maiwasan na ito'y makakagat sa sino man,
e) Kapag nakakagat ang alagang aso, ang may-ari ang sasagot sa lahat na gastos ng pagpapagamot at pagpapa eksamen sa asong naka kagat. Kung ang nakakagat ay rehistrado, nakatali o nakakulong, o nasa matibay na bakuran paligid ng bahay ng may-ari, kailangay pag-usapan at magkasundo ang may-ari ng aso at biktima ng pagkagat sa paraan ng pagpapagamot at pagpapa eksamen.

Seksyon 5. Bayad at katibayan sa Rehistrasyon

a) Ang bayad sa rehistrasyon ay P 20.00 bawat aso na babayaran sa Ingat Yaman ng barangay kapalit ang opisyal na resibo. Mula dito ay animnapung porsyento (60%) ay mapupunta sa Ingat Yaman ng Lungsod at ang natitirang apatnapung porsyento (40%) ay gagamitin ng barangay para sa puspusang pagpapatupad ng ordinansang ito sa iba pang proyekto nito.

Seksyon 6. Sentrong Patalaan sa mga Aso

Ang Punong barangay ay may katungkulan na isumite ang talaan ng nairehistrong aso sa tuwing ikatlong buwan (3) sa Central Dog Registry na matatagpuan sa Office of the City Veterinary and Agricultural Services . Kasama sa ulat ang talaan ng mga namatay, nawala at nagpalipat ng tirahan ng mga rehistradong aso sa bahay.

Seksyon 7. Pagbabakuna ng mga Aso

a) Ang bawat aso na may edad na tatlong (3) buwan pataas ay kailangang pabakunahan laban sa rabis ng minsan sa isang taon. Ang mga tuta ay unang babakunahan pagsapit niya sa edad na tatlong (3) buwan.
b) Ang bawat asong mabakunahan ay lalagyan ng matibay na tag upang medaling makilala at maibukod sa walang bakuna.
c) Ang may-ari ng aso ay bibigyan ng sertipikasyon ng pagbabakuna. Ito ay dapat na laging handa upang ipakita sa nagpapatupad ng ordinansa kung kinakailangan.

Seksyon 8. Pag-uulat ng Insedente ng Pangangagat ng Aso.

Ang taong nakagat ay inaatasang mag-ulat ng pangyayari sa loob ng apatnapu at walong (48) oras sa Barangay Health Worker, Barangay Tanod o sa sinumang Kagawad ng Barangay na agad naming ipadala ang ulat sa Barangay sa Rabies Control Coordinating Committee.

Seksyon 9. Panghuhuli, Pagpapakulong at Pagpatay sa mga Asong Gala

a) Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ang nangangasiwa sa panghuhuli at pagkukulong sa Barangay Dog Pound ng mga walang bakuna, maysakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng barangay.
b) Ang lahat ng asong makukulong sa Barangay Dog Pound ay aalagaan sa loob ng tatlong (3) araw, kung kalian ang may-ari ay maari itong tubusin sa halagang isang daang at limampung piso (150.00) sa unang (1) o dalawampu't apat (24) na oras. Tatlong daang piso (300.00) sa pangalawang araw o sa loob ng apatnapu't walong oras (48) at limang daang piso (500.00) sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras ng pagkahuli. Pagkatapos ng tatlong (3) araw ang mg asong nakakulong sa Barangay Dog Pound ay ililipat sa City Animal Pound na kung saan ito ay papatayin sa makataong pamamaraan.
c) Maliban sa may-ari ng aso at sa mga awtorisadong humuli at magkulong ng mga asong may sakit, walang bakuna, maysakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng barangay.
d) Ang mga mamimili ng aso na makikita sa barangay poblacion 16 ay pagsasabihan tungkol sa ordinansang ito, ngunit kung magpapatuloy sa pamimili ng asoay tuluyang huhulihin at ipaghaharap ng kaso sa hukuman o kaukulang tanggapan ng pamahalaan.

Seksyon 10. Karapatan ng mga naninirahan sa Barangay

Ang Barangay Poblacion 16 ay maging ligtas, malusog at kaaya ayang panahanan ng kanyang mga mamamayan. Karapatan ng lahat na dito'y naninirahan ang buong komunidad ay masigurong ligtas

Seksyon 11. Administratibong Multa o Bayad sa Pagsasaayos.

Ang sino mang lalabag sa Ordinansang ito ay maaring magsaayos ng kanyang paglabag sa loob ng apatnapu at walong oras mula sa kanyang pagkahuli, ayon sa sumusunod

a) Unang Paglabag – Multang P100.00 o isang araw na serbisyong pang komunidad;
b) Ikalawang Paglabag – Multang P300.00 o tatlong araw sa serbisyong pang komunidad;
c) Ikatlong Paglabag – Multang P500.00 o limang araw na serbisyong pang-komunidad;
d) Ang ika-apat at sa mga susunod pang paglabag ay papatawan ng multang P1,000.00
e) Ang lahat na multang malilikom ay ipapasok sa pondo ng barangay at gagamitin sa mga proyektong pambarangay.

Seksyon 12. Kaparusahang Maipapataw ng hukuman.

Ang sinumang lumabag sa ordinansang ito na hindi makakabayad ng administratibong multa na nasasaad sa sinusundang bahagi nito sa loob ng panahong nabanggit, ay ihahabla sa hukuman at siya ay maaring parusahan ng multang hindi bababa sa P100.00 ngunit hindi tataas sa halagang P1,000.00 ayon sa diskresyon ng hukuman. Kung sakaling walang maibayad sa multa ang lumabag, magpapataw ang hukuman ng "Subsidiary Imprisonment" na isang araw sa bawat P100.00 multa. Kung ang nagkasala ay isang Asosasyon, Bakasan o korporasyon, ang pangulo o namumuno dito ang siyang mananagot.

Seksyon 13 Talatang Nagpapawalang bisa.

Lahat ng probisyon ng anumang ordinansa, resolusyon o atas pampangasiwaan ng BArangay na sumasalungat o hindi umaayon sa ordinansang ito ay mawawalang – bisa o kaya ay mababago.

Seksyon 14. Talatang nagbubukod.

Kung sa anumang dahilan at ang alin mang bahagi ng ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa, ang ibang bahagi nito na hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

Seksyon 15. Pagkakabisa

Ang Orsinansang ito ay magkakabisa makalipas ang sampung araw mula sa pagpapatibay ng Sanguniang Panglungsod.

PINAGTIBAY NI:
Reymalene L. Gardiola
Kalihim

ISINUMITE NI:
Rolando C. Argente
Punong Barangay